# *Pakikisama Yugto 2*

***"5 At ito ang pasabing aming narinig sa kaniya at sa inyo'y aming ibinabalita, na ang Dios ay ilaw, at sa kaniya'y walang anomang kadiliman. 6 Kung sinasabi nating tayo'y may pakikisama sa kaniya at nagsisilakad tayo sa kadiliman, ay nangagbubulaan tayo, at hindi tayo nagsisigawa ng katotohanan: 7 Nguni't kung tayo'y nagsisilakad sa liwanag, na gaya niyang nasa liwanag, ay may pakikisama tayo sa isa't isa, at nililinis tayo ng dugo ni Jesus na kaniyang Anak sa lahat ng kasalanan." (1 Juan 1:5-7 KJV)***

Ang pananampalataya at paniniwala sa Dios ay nagbabago ng ating buhay mula sa pamumuhay sa kadiliman patungo sa pamumuhay sa liwanag. Ang pamumuhay sa kadiliman ay pamumuhay sa ilalim ng kapangyarihan at epekto ni Satanas at ng kanyang mga kinatawan, ang mga demonyo, at ng mga sumusunod sa kanya at sa kanyang masama at baluktot na paraan ng pamumuhay. Ang pakikipag-ugnayan at pakikisama sa Dios ang nag-uutos sa atin na mamuhay nang kaaya-aya sa Dios sa pamamagitan ng pagsunod kay Panginoong JesuCristo at sa Kanyang Salita at mga utos para sa atin. Ano ang ibig sabihin sa ***"at sa kaniya'y walang anomang kadiliman"***, Ibig sabihin nito ay hindi natin dapat hayaang mangibabaw ang kasalanan sa ating buhay para magkaroon tayo ng pakikipag-ugnayan sa Kanya. Dahil ang kasalanan ay hahadlang sa atin na magkaroon ng tamang pakikipag-ugnayan kay Jesus at lalakad tayo sa kadiliman at ito'y hahadlang sa atin na magkaroon ng tunay na pakikisama sa isa't isa.

Ang Panginoong JesuCristo ay bumaba mula sa Langit, ipinadala Siya ng Dios upang iligtas ang ating mga buhay. ***"16 Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16 KJV)*** Ang Panginoong JesuCristo ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan, naghirap Siya sa isang malupit na kamatayan upang iligts tayo. Siya ay inilibing ngunit nabuhay nabuhay na maguli noong ikatlong araw upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan; sa mga mananampalataya sa Kanya at susunod sa Kanyang mga hakbang sa kanilang buhay. Ipinahayag ng Panginoong Jesus, ***"12 Muli ngang nagsalita sa kanila si Jesus, na sinasabi, Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan." (Juan 8:12 KJV)*** * Ang mamuhay sa liwanag ay sundin ang Salita ni Jesus at ang Kanyang mga tagubilin sa ating buhay at sa ating pakikitungo sa ibang tao. Ang Kanyang Salita at turo ang tumutukoy sa uri ng ugnayan na mayroon tayo sa ibang tao sa paligid natin. * Ang Dios ay pag-ibig at ang pag-ibig na iyan ay nagbabago sa atin para magmahal at mag-alaga sa isa't isa sa katawan ni Cristo at dalhin ang pag-ibig na iyan sa iba na nabubuhay sa kadiliman. * Pero ang pagbabahagi ng mabuting balita ni Jesus sa iba ay hindi nangangahulugang kailangan nating ibahagi ang parehong paraan ng pamumuhay na kanilang ginagawa o makihalubilo sa kanila. Ang ating pakikisama ay dapat sa mga namumuhay sa liwanag, at ang ating pakikisama sa isa't isa ay dapat na pakikipag-ugnayan ng liwanag at walang bahagi ng kadiliman ang dapat sumama rito.

Dapat iwasan ng isang tunay na Cristiano ang pagsunod at pakikisama sa ganitong uri ng relasyon.

***1. Huwag kumain ng pagkaing inihandog sa mga diosdiosan at huwag dapat naroon sa kanilangb kapistahan: "18 Tingnan ninyo ang Israel na ayon sa laman: ang mga nagsisikain baga ng mga hain ay wala kayang pakikipagkaisa sa dambana? 19 Ano ang aking sinasabi? na ang hain baga sa mga diosdiosan ay may kabuluhan? o ang diosdiosan ay may kabuluhan? 20 Subali't sinasabi ko, na ang mga bagay na inihahain ng mga Gentil, ay kanilang inihahain sa mga demonio, at hindi sa Dios: at di ko ibig na kayo'y mangagkaroon ng pakikipagkaisa sa mga demonio. 21 Hindi ninyo maiinuman ang saro ng Panginoon, at ang saro ng mga demonio: kayo'y hindi maaaring makisalo sa dulang ng Panginoon, at sa dulang ng mga demonio. 22 O minumungkahi baga natin sa paninibugho ang Panginoon? tayo baga'y lalong malakas kay sa kaniya?" (1 Corinto 10:18-22 KJV)*** Ang pagkaing niluto ng mga di mananampalataya at inihanda para sa kanilang relihiyosong pagdiriwang ay pagkaing inihandog sa mga demonyo at upang kumain nito ay pakikisali sa mga demonyo at sa ganoong pagkilos hindi nasisiyahan ang Dios.

***2. Huwag makihalo at makipagkapwa sa mga makasalanan, manlilibak, at masasamang tao: "1 Mapalad ang tao na hindi lumalakad sa payo ng masama, ni tumatayo man sa daan ng mga makasalanan, ni nauupo man sa upuan ng mga manglilibak." (Awit 1:1 KJV)*** Upang maglaan ng oras at pakikisama sa gayong uri ng mga tao ay makakasama sa atin gaya ng sinasabi sa atin ng Salita ng Dios, ***"33 Huwag kayong padaya: Ang masasamang kasama ay sumisira ng magagandang ugali. 34 Gumising kayo ng ayon sa katuwiran, at huwag mangagkasala; sapagka't may mga ibang walang pagkakilala sa Dios: sinasabi ko ito upang kayo'y kilusin sa kahihiyan." (1 Corinto 15:33-34 KJV)*** Kailangan nating pumunta at ipangaral sa kanila ang ebanghelyo. Hindi dapat sila ang makapangyari sa atin, kundi tayo ang dapat makapangyari sa kanila at dalhin sila kay Cristo.

***3. Huwag makisama o magpakasal sa isang hindi mananampalataya: "14 Huwag kayong makipamatok ng kabilan sa mga di nagsisisampalataya: sapagka't anong pakikisama mayroon ang katuwiran at kalikuan? o***

***anong pakikisama mayroon ang kaliwanagan sa kadiliman? 15 At anong pakikipagkasundo mayroon si Cristo kay Belial? o anong bahagi mayroon ang sumasampalataya sa di sumasampalataya? 16 At anong pakikipagkaisa mayroon ang templo ng Dios sa mga diosdiosan? sapagka't tayo'y templo ng Dios na buhay; gaya ng sabi ng Dios, Mananahan ako sa kanila, at lalakad ako sa kanila; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan." (2 Corinto 6:14-16 KJV)*** Tayo na nanampalataya kay Cristo Jesus ay naging templo ng Dios at ang Banal na Espiritu ng Dios ay nananahan sa atin. ***"16 Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo?" (1 Corinto 3:16 KJV)*** Kaya may obligasyon tayo sa Dios na huwag makisama at magpakasal sa mga hindi naniniwala, sila ay templo ng Satanas, at hindi tayo dapat makisama sa kanila. Ngunit kung nakapag-asawa ka na sa isang hindi naniniwala at pagkatapos ng inyong kasal ay nakilala mo ang Dios, dapat mo pa ring ipagpatuloy ang buhay kasama niya, nanalangin sa Dios na sana makilala niya si Jesus at tanggapin Siya bilang Tagapagligtas at Panginoon at maligtas din.

***4. "11 At huwag kayong makibahagi sa mga walang mapapakinabang na gawa ng kadiliman, kundi bagkus inyong sawatain;" (Epeso 5:11 KJV)*** Ang ating pakikisama bilang mga Cristiano sa isa't isa ay dapat maging dalisay mula sa masasamang gawa ng kadiliman. ***"3 Nguni't ang pakikiapid, at ang lahat ng karumihan, o kasakiman, ay huwag man lamang masambit sa inyo, gaya ng nararapat sa mga banal; 4 O ang karumihan man, o mga mangmang na pananalita, o ang mga pagbibiro, na di nangararapat: kundi kayo'y magpasalamat. 5 Sapagka't talastas ninyong lubos, na sinomang mapakiapid, o mahalay, o masakim, na isang mapagsamba sa mga diosdiosan, ay walang anomang mamanahin sa kaharian ni Cristo at ng Dios. 6 Huwag kayong madaya ng sinoman ng mga salitang walang kabuluhan: sapagka't dahil sa mga bagay na ito'y dumarating ang galit ng Dios sa mga anak ng pagsuway. 7 Huwag kayong makibahagi sa kanila;" (Epeso 5:3-7 KJV)*** Dapat malinis ang ating samahan mula sa pagbibiro, hangal na usapan, kabastusan, pag-inom ng alak, pagsusugal, kalaswaan, kasakiman, at mga lihim na imoral na relasyon. Wala tayong kinalaman sa ganitong mga tao.

***5. "10 Kung sa inyo'y dumating ang sinoman, at hindi dala ang aral na ito, ay huwag ninyong tanggapin sa inyong bahay, at huwag ninyo siyang batiin: 11 Sapagka't ang bumabati sa kaniya ay nararamay sa kaniyang masasamang gawa." (2 Juan 1:10-11 KJV)*** Pansinin din kung sino ang dumarating sa iyong bahay? Sino ang mga taong bumibisita sa iyo? Sila ba ay tunay na bayan ng Dios o ibang uri ng masamang tao? Sinabi ni Panginoong Jesus, ***"Hindi pumaparito ang magnanakaw, kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa:"*** Dapat bukas lang ang iyong bahay sa mga taong nagdadala at sumusunod sa turo ng ating Panginoong JesuCristo. Isa pa sa nasa bahay ay ang TV mo, ano ang pinapanood mo dito? Mga makamundong pelikula at musikang makamundo! Hindi dapat pinapanood ng mga Cristiano iyon. Gustong manatili ni Jesus sa iyong buhay, kaya panatilihing malinis ang iyong buhay, pakikipagkaibigan, at bahay.

***"1 Kayo nga'y magsitulad sa Dios, na gaya ng mga anak na minamahal; 2 At magsilakad kayo sa pagibig, gaya rin naman ng pagibig ni Cristo sa inyo, at ibinigay dahil sa atin ang kaniyang sarili, na hain at handog sa Dios upang maging samyo ng masarap na amoy. 3 Nguni't ang pakikiapid, at ang lahat ng karumihan, o kasakiman, ay huwag man lamang masambit sa inyo, gaya ng nararapat sa mga banal; 4 O ang karumihan man, o mga mangmang na pananalita, o ang mga pagbibiro, na di nangararapat: kundi kayo'y magpasalamat. 5 Sapagka't talastas ninyong lubos, na sinomang mapakiapid, o mahalay, o masakim, na isang mapagsamba sa mga diosdiosan, ay walang anomang mamanahin sa kaharian ni Cristo at ng Dios. 6 Huwag kayong madaya ng sinoman ng mga salitang walang kabuluhan: sapagka't dahil sa mga bagay na ito'y dumarating ang galit ng Dios sa mga anak ng pagsuway. 7 Huwag kayong makibahagi sa kanila;" (Epeso 5:1-7 KJV)*** Ang biyaya ng Dios na nagdudulot ng kaligtasan ay ipinakita yaon sa lahat ng tao na nagtuturo sa atin na tumanggi sa kasamaan at makamundong pagnanasa. Ang mamuhay nang may magandang kalidad kasama ang Panginoong JesuCristo ay mamuhay sa kabanalan at panatilihin ang ating pakikipagkaisa sa mga banal, ang mga banal na bayan ng Dios. Ang ganitong utos ay tinatawag tayo na linisin ang ating pakikipagkaisa mula sa kalaswaan, katiwalian, kasamaan at iba pang uri ng kasalanan upang hindi tayo magdanas ng mga bunga ng mga kasalanang ito.

* May mga pagkakataon na kailangan nating panatilihin ang pakikisama para maiparating ang pagibig ni Jesus sa mga bagong mananampalataya at para matulungan sila sa kanilang paglago at mapatatag sa kaalaman tungkol kay Cristo at sa Kanyang Salita. * Ngunit may mga pagkakataon din na kailangan nang putulin ang pakikisama dahil ang pakikisama sa ilang mga tao na tinatawag ang kanilang sarili na kapatid ngunit patuloy na nagkakasala at namumuhay sa kasalanan ay magdudulot sa atin ng parehong parusa at galit na ipapataw ng Panginoon sa kanila. Sinasabi sa ating ng Bibliya, ***"20 Lumalakad ka na kasama ng mga pantas na tao, at ikaw ay magiging pantas; nguni't ang kasama ng mga mangmang ay mapapariwara." (Kawikaan 13:20 KJV)*** Kung makakasama natin ang mga nangatatakot sa Panginoon, lalago tayo kasama nila bilang matalino. Ngunit kung makikisalamuha tayo sa hangal na nabubuhay sa kasalanan, mararanasan din natin ang parehong paghihirap na kanilang mararanasan dahil sa kanilang mga kasalanan. Kaya ngayon, pag-aaralan natin kung kailan dapat itigil ang pakikisama.

***I. "11 Datapuwa't sinusulatan ko nga kayo, na huwag kayong makisama sa kanino mang tinatawag na kapatid, kung siya'y mapakiapid, o masakim, o mananamba sa diosdiosan, o mapagtungayaw, o manglalasing, o manglulupig; sa gayo'y huwag man lamang kayong makisalo." (1 Corinto 5:11 KJV)*** Itinuturo sa atin ng Salita ng Dios dito na huwag makisama sa sinumang tinatawag o itinuturing ang sarili bilang kapatid sa pananampalataya ngunit nananatili pa rin sa kadiliman. Ang mga sumusunod na uri ng mga tinatawag ang kanilang sarili na mga mananampalataya ay dapat manatili sa labas ng simbahan hanggang sa sila'y magsisi, tumalikod sa kanilang mga kasalanan, at sundin si Cristo :-

***A. Nangangalunya o may sekswal na imoralidad:*** Hindi natin maaaring payagang manatili sa loob ng simbahan ang mga patuloy na nakikipagtalik sa labas ng buhay may-asawa, o may sekswal na kabuktutan at homosekswalidad. Kasintahang lalaki at babae, pagsasama ng di kasal, diborsiyo at muling pag-aasawa, isang solong magulang na nag-aasawa sa hindi ama o ina ng kanyang anak, lahat ay itinuturing na sekswal na imoralidad.

***B. Matakaw o gahaman:*** Ang pakikipagtipon sa simbahan ay hindi lugar para sa negosyo o para kumita ng mga mamimili. Hindi namin hinihikayat sa aming pakikipagtipon ang ganitong uri ng ugali, pagpapaunlad ng negosyo sa loob ng simbahan, o paglilingkod sa Dios para lang makatanggap ng pera. Dapat mahalin ng aming mga kasapi ang Dios higit sa pera. Ang kasakiman ay parang pagsamba sa dios-diosan, dahil ang pagibig sa pera ang ugat ng lahat ng uri ng kasamaan.

***C. Isang sumasamba sa diosdiosan:*** Hindi natin maaaring panatilihin ang pakikipagtipon sa mga taong kasama natin ngunit may dala silang dios-diosan at patuloy na pinalamutian at sinasamba ito bukod kay Jesus.

***D. Palasumbong o naninirang-puri:*** Ang isang tao na patuloy na nagsisinungaling at kumikilos mula sa isa't isa upang magtsismis at magkuwento ng mga imbento na kuwento upang siraan ang iba, gumawa ng masamang reputasyon para sa kanila o linlangin ang iba sa pamamagitan ng kanyang mga kwento para sa sariling masamang layunin; dapat nating putulin ang pakikipagtipon sa taong iyon.

***E. Isang lasenggo:*** Ang mga patuloy na umiinom ay hindi natin maaaring isaalang-alang sa kay Cristo Jesus na ating Panginoon, at kung hindi sila tutugon sa pagpapayo, ang pakikipagtipon sa kanila ay kailangang putulin.

***F. Isang manlilinlang o mandarambong:*** Isang tao na sumusubok manlinlang at lokohin ang iba ay hindi natin dapat panatilihin sa ating simbahan. Ang ganitong uri ng tao ay parang lobo sa gitna ng mga tupa; kung palalampasin natin sila sa loob ng simbahan, makakasama nila ang tunay na mga mananampalataya at lalo pang isusulong ang gawa ng diyablo.

***II. "15 At kung magkasala laban sa iyo ang kapatid mo, pumaroon ka, at ipakilala mo sa kaniya ang kaniyang kasalanan na ikaw at siyang magisa: kung ikaw ay pakinggan niya, ay nagwagi ka sa iyong kapatid. 16 Datapuwa't kung hindi ka niya pakinggan, ay magsama ka pa ng isa o dalawa, upang sa bibig ng dalawang saksi o tatlo ay mapagtibay ang bawa't salita. 17 At kung ayaw niyang pakinggan sila, ay sabihin mo sa iglesia: at kung ayaw rin niyang pakinggan ang iglesia, ay ipalagay mo siyang tulad sa Gentil at maniningil ng buwis." (Mateo 18:15-17 KJV)*** Kung may taong nagkasala sa iyo o nakagawa ng kasalanan at ikaw ang nakatuklas nito, ikaw ang dapat pumunta sa kanya nang mag-isa at kausapin siya nang pribado tungkol sa kanyang nagawang mali. Kung tinanggap niya ang kanyang kasalanan at nagsisi, nanalo ka na sa iyong kapatid. Ngunit kung ayaw niya, magdala ng isa o dalawa na makasaksi, at kung ayaw pa rin siyang makinig at magsisi, iulat mo iyon sa simbahan. At kung ayaw pa rin niyang makinig sa simbahan, ituring mo siyang di-naniniwala.

***III. "14 At kung ang sinoma'y hindi tumalima sa aming salita sa pamamagitan ng sulat na ito, inyong tandaan ang taong yaon, upang huwag kayong makisama sa kaniya, nang siya'y mahiya." (2 Tesalonica 3:14 KJV)*** Bahagi iyon ng sulat ni Apostol Pablo sa simbahan sa Tesalonica. Binigyan niya sila ng mga tagubilin tungkol sa iba't ibang paksa tulad ng hindi pagiging tamad, pamumuhay sa kabanalan, ang ikalawang pagdating ni Cristo, at iba pang mga aral ni Panginoong Jesus. Inutusan ni Pablo ang simbahan na ang mga tumatangging sumunod sa mga tagubiling iyon ay huwag makisama sa kanila. Ang masasabi natin para sa atin bilang simbahan ngayon ay ganito: Kung ang isang tao ay hindi handang sumunod at sundin ang aral ng simbahan na galing sa Bibliya, hindi siya dapat maging bahagi ng ating pakikisama.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Sinasabi sa atin ng Salita ng Dios ang mga sumusunod, ***"12 Sapagka't ano sa akin ang humatol sa nangasa labas? Hindi baga kayo nagsisihatol sa nangasa loob? 13 Datapuwa't sa nangasa labas ay Dios ang humahatol. Alisin nga ninyo sa inyo ang masamang tao." (1 Corinto 5:12-13 KJV)*** Kailangan nating panatilihing malinis ang ating pakikisama, walang kasalanan at walang kapintasan. Ang

simbahan ay ang sambahayan ng Dios at dapat itong panatilihing buhay, at ito ang iyong pananagutan na panatilihing malinis ang samahan natin mula sa mga kasalanan.

* Panahon na ngayon para sa iyo na linisin ang iyong sarili mula sa anumang uri ng kasalanan at mamuhay sa kabanalan upang magampanan mo nang maayos ang iyong pananagutan sa pagpapanatili ng banal na pakikisama sa ating mga kapatid sa simbahan. * Panahon na rin ngayon para sa iyo na manindigan at maging matatag sa pakikitungo sa mga nagkakasala at nabubuhay sa kasalanan na nasa loob pa rin ng pagtutulungan at ayaw nang itama. Manalangin tayo ….

***Ang aking Panalangin:*** *Ama Dios, Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing ngunit nabuhay muli sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat po sa iyong Salita na nagdadala ng liwanag sa aking buhay. Panginoon, salamat sa pagpapakita sa akin kung sino ang kailangan kong ipagpatuloy a pakisamahan at kung alin ang mga kasalanang kailangan naming panatilihing malinis sa aming pakikisama. Panginoon, salamat sa lahat ng iyong mga pagtutuwid, mga pagsaway at mga pangaral na aming natanggap mula sa iyo.*

*Ipagtapat ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan at itakwil ang mga ito. Ipagtapat at itakwil ang iyong kahalayan, imoralidad, katamaran, pag-inom ng alak, paninigarilyo, pagsisinungaling, panlilinlang, paninira, pagsamba sa dios-diosan, panunuhol, pandaraya, iyong inggit at selos, pagiging makasarili at kakulangan sa pagmamahal. Magsisi sa iyong pasanin tungkol sa mga hindi nananampalataya, sa pagkakaroon ng maraming kaibigan, at sa pagsasayang ng oras sa Media, Balita at mga laro, panonood ng TV, at paglayo mula sa pagtitipon ng simbahan. Ipagtapat at itakwil ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at kakulangan sa panalangin. Ipagtapat at itakwil ang iyong mga kompromiso at ang iyong hindi kahandaang manindigan nang matatag at makitungo sa mga nagkakasala at sa mga nabubuhay sa kasalanan. Ipagtapat at itakwil ang iyong hindi kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon, inaamin ko at tinatanggihan ang mga sumusunod na kasalanan _______________ .*

*Panginoon, pinagsisisihan ko ang aking mga kasalanan dahil nakikipagkaibigan ako sa maraming di-mananampalataya. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili mula sa araw na ito na putulin ang aking pagkakaibigan at pakikisama sa mga sumusunod na mga tao __________________, at titigil ako sa panonood at pakikinig sa mga makamundong bagay at pelikula. Panginoon, ipinangako ko sa aking sarili na hindi ako makihalubilo sa mga taong tinatawag silang mga kapatid ngunit sila ay mga gumagawa ng kasamaan.*

*Panginoon, ipinangako ko sa aking sarili na panatilihing malinis at malusog ang ating pakikisama sa simbahan at palayasin ang mga masasama na nasa gitna namin upang ang iyong pangalan ay maluwalhati sa gitna ng mga bansa, salamat Panginoon, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, salamat sa lahat ng aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at inialay ang kanilang buhay upang sundan ka at lumakad sa iyong mga daan, upang makisama sa mga kasapi ng iyong pamilya, ang simbahan, at upang maging matatag at putulin ang kanilang pakikisama sa mga mangmang at itaboy ang mga masama mula sa iyong simbahan. Panginoon, suportahan mo sila sa iyong biyaya, protektahan mo sila mula sa masama, ibigay ang kanilang pangangailangan at patatagin sila upang patuloy nilang mapaglingkuran ka.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang isang simbahan at pagpalain ang aming pakikisama at patatagin ang aming samahan ayon sa iyong Salita at kalooban sa aming buhay. Panginoon, handa kaming maging matatag at harapin ang mga nasa kasalanan at yaong ayaw magsisi at magbago ng kanilang mga gawi. Panginoon, bigyan mo kami ng karunungan kung paano sila haharapin; lumapit sa kanila at samahan sila ng katotohanan at ipatupad ang iyong Salita sa mga ayaw magsisi at magbago. Panginoon puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga espiritwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay para magpatuloy at mangaral, gumawa ng mga bagong alagad, sanayin ang mga bagong manggagawa, at magtayo ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin na mas marami pang tao ang mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda mo kami para sa Iyong pagdating upang makasama ka kapag dumating ka. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan

Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com